NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao

**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad**
**(Department of Developmental Services)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Disyembre 22, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: MGA SUPORTA SA PAGLIPAT SA MGA SERBISYONG PAMAMAHALA SA PANANALAPI

Ang layunin ng sulat na ito ay magbigay ng patnubay tungkol sa mga naibibigay na uri ng suporta sa paglipat ng mga tagapagkaloob ng Mga Serbisyong Pamamahala sa Pananalapi (Financial Management Services, FMS) sa mga kalahok ng Self-Determination Program (SDP), kanilang mga pamilya, at awtorisadong kinatawan. Ang mga suportang ito sa paglipat sa FMS ay nauugnay sa panahon ng unang pagpapatala, kung kailan lumilipat ang isang kalahok sa SDP mula sa isang FMS tungo sa iba, o lumilipat mula sa isang regional center tungo sa iba, at ang bayad sa FMS para sa mga serbisyong iyon. Ang patnubay na ito ay inisyu alinsunod sa seksyon 4685.8(p)(2) ng Welfare and Institutions Code na nag-aawtorisa sa Department of Developmental Services (Kagawaran) na mag-isyu ng mga direktiba sa programa o mga katulad na tagubilin hanggang sa mapagtibay ang mga regulasyon.

Babayaran ang mga suporta sa paglipat sa mga tagapagkaloob ng FMS sa tatlong kalagayan:

a. Unang pagpapatala ng isang indibidwal sa SDP.
b. Ang paglipat ng isang kalahok sa SDP mula sa isang FMS patungo sa iba (babayaran sa tumatanggap na FMS).
c. Ang paglipat ng kalahok sa SDP mula sa isang regional center tungo sa iba.

Kung sakaling lumipat ang isang kalahok mula sa isang regional center tungo sa isa pa at lumipat sa bagong FMS, ang bagong FMS ay maaaring mag-invoice para sa mga suporta sa paglipat gaya ng kanilang gagawin sa ilalim ng (b) sa itaas.

<u>**Mga Uri ng Suporta sa Paglipat sa FMS**</u>

1. Edukasyon at pag-coach sa mga kalahok at kanilang mga pamilya tungkol sa mga paksa na tulad ng:
   a. Mga batas sa trabaho, mga alituntunin sa overtime, mga kinakailangan at responsibilidad sa timesheet, at mga kinakailangan sa insurance.
   b. Pagsusuri sa buwanang report sa badyet na ibinigay ng FMS at mga responsibilidad sa pagsusuri ng mga indibidwal na gastos sa badyet.
   c. Mga kinakailangan para sa pag-aadjust sa indibidwal na badyet at plano ng paggasta at ang mga proseso ng FMS para sa mga ito.

2. Tulong sa pag-hire at pag-onboard ng mga kawani at pagkuha ng mga karapat-dapat na produkto at serbisyo:
    a. Mga proseso para sa at tulong sa pagkuha ng mga criminal background check.
    b. Pagtuturo tungkol sa pagbuo ng mga paglalarawan ng trabaho (job descriptions) para sa mga kawani, pagsusuri ng mga aplikasyon at pakikipanayam, at pagkuha at pagpapatalsik ng mga kawani.
    c. Pagberipika na ang mga iminungkahing serbisyo ay alinsunod sa mga kinakailangan sa mga setting ng Mga Serbisyo na Nakabase sa Bahat at Komunidad (Home and Community-Based Services).
    d. Pagsusuri at pagtulong sa pag-adjust ng plano ng paggasta upang matiyak na ang paraan ng pagkalkula ng iminumungkahing gastos ay batay sa mga maaasahang gastos at paggamit at pag-aadjust ng serbisyo, kung kinakailangan.
    e. Pagtuturo ng mga bagong kawani at tagapagkaloob tungkol sa mga kinakailangan sa Pagberipika ng Elektronikong Pagbisita, kung naaangkop.

3. Mga talakayan sa regional center tungkol sa pagsasama ng plano ng paggasta at mga awtorisasyon sa serbisyo sa e-billing system at iba pang mga kinakailangan sa pananalapi at pagsingil, mga proseso sa pagbili ng serbisyo, at mga proseso ng regional center upang suportahan ang isang matagumpay na paglipat.

4. Iba pang mga paksa, kung kinakailangan, upang suportahan ang isang maayos na paglipat sa SDP.

**<u>Mga Pagbabayad sa Mga Suporta sa Paglipat sa FMS</u>**

Para sa pagbibigay ng mga suporta sa paglipat sa FMS na tinukoy sa itaas, aawtorisahan ng mga regional center ang mga tagapagkaloob ng FMS na mag-bill ng buwanang singil na katumbas ng kanilang buwanang rate, gaya ng tinukoy sa indibidwal na plano ng paggasta, para sa tatlong buwan simula sa petsa ng pagpapatala o paglipat.

Halimbawa, ang isang tagapagkaloob ng FMS na naglilingkod sa isang kalahok na may plano ng paggasta na nagsasaad ng $450 na buwanang rate ng FMS ay aawtorisahang mag-bill ng karagdagang buwanang singil na $450 para sa tatlong buwan simula sa petsa ng pagpapatala o paglipat.

Ipapasok ang mga suporta sa paglipat sa FMS bilang hiwalay na awtorisasyon para sa tagapagkaloob ng FMS sa ilalim ng kanilang nauukol na vendor number at service code, na ang subcode ay "FTS".

Ang Abril 26, 2023 na patnubay at kalakip ng Kagawaran sa mga rate ng FMS ay matatagpuan sa webpage ng mga Direktiba sa Programang SDP.

Ang mga kalahok o kanilang mga pamilya na may mga tanong tungkol sa patnubay na ito ay dapat makipag-ugnay sa service coordinator ng kanilang regional center. Ang mga tagapagkaloob ng FMS na may mga tanong ay dapat makipag-ugnay sa liaison ng kanilang regional center. Dapat idirekta ng mga regional center ang kanilang mga tanong sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:*

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa (Policy and Program Development Division)

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad